# *Sama-samang Pag-abot sa Katarungang Panlahi*



# K-12 Anti-Racism Action Plan

BRITISH COLUMBIA

Ministry of Education and Child Care

Kinikilala ng Ministry of Education and Child Care na ang mga tanggapan nito ay nasa Lək̓ ʷəŋən territory ng Esquimalt at Songhees Nations at sa mga teritoryo ng xʷməθkʷəy̓ əm (Musqueam), Sḵwx̱wú7mesh (Squamish), at səlilwətaɬ (Tsleil-Waututh) Nations.

Isinasagawa ng sektor ng K-12 Education at Child Care ang kanilang trabaho sa mga teritoryo ng 204 na komunidad ng First Nations sa buong B.C., at ang bawat isa sa kanila ay may mga natatanging kultura, wika, legal na tradisyon at ugnayan sa mga lupain at katubigang ito. Magalang din naming kinikilala at pinapahalagahan ang mga Métis at Inuit people na nakatira sa B.C.

Nagpapasalamat at kinikilala ng Ministry of Education and Child Care ang katapatan at bulnerabilidad na ibinahagi ng maraming mag-aaral, staff, pamilya at miyembro ng komunidad sa pamamagitan ng kanilang mga kuwento, karanasan at ideya. Ang bukas-palad na pagbabahagi ng mga nakaraan at kasalukuyang karanasang ito ay naging pundasyon sa pagbuo ng action plan na ito. Kinikilala ng ministry ang mga personal na salaysay bilang mga katotohanan.



# TALAAN NG
# MGA NILALAMAN


Mensahe mula kay Kagalang-galang Rachna Singh, Minister of Education and Child Care ........ 1

Mensahe mula kay Kagalang-galang Mable Elmore, Parliamentary Secretary for Anti-Racism Initiatives ........ 3

Bisyon ........ 5

Panimula ........ 5

Rasismo at Mental Health ........ 6

Mga Nalaman Namin ........ 7

The K-12 Anti-Racism Action Plan ........ 8

- Mga Saligang Kaalaman ........ 9
- Mga Prinsipyo ........ 10
- Mga Priyoridad na Aksiyon ........ 10

Kongklusyon ........ 14

Apendise – Timeline ng Action Plan ........ 15



Mensahe mula kay

## Kagalang-galang Rachna Singh
## Minister of Education and Child Care

Naiimpluwensiyahan tayo hanggang sa pagtanda ng marami sa mga natutunan natin sa paaralan. Sa mga panahong ito, nasisimulan nating maunawaan ang mga pangunahing bahagi ng pag-aaral at buuin ang mga pundasyon ng kakayahan sa pagbasa at pagsulat, at konsepto ng paggamit ng mga numero sa lahat ng larangan – Language Arts, Araling Panlipunan, Matematika, Arts Education, at Agham ang ilan sa mga ito. Habang natututunan natin ang mga ito, pinapatatag rin natin ang ating personal at panlipunang pag-unlad sa pag-unawa ng ating pagkakakilanlan at ginagampanang papel sa ating lipunan.

Mahalagang malaman ng mga mas batang henerasyon ang tungkol sa rasismo at diskriminasyon at kung paano nito naapektuhan – at patuloy na naaapektuhan – ang mga tao sa buong B.C. Sa pamamagitan ng pag-intindi ng mga realidad ng rasismo at diskriminasyon, maitutuloy natin ang pagsulong kasama ang kabataan bilang bahagi ng solusyon patungo sa pagkakaroon ng isang province na mas makatarungan at malugod na tinatanggap ang lahat.

*"Mahalagang malaman ng mga mas batang henerasyon ang tungkol sa diskriminasyon at kung paano ito nagkaroon ng epekto – **at patuloy na naaapektuhan** – ang mga tao sa buong B.C."*

Sa B.C., nagsagawa kami ng ilang hakbang upang direktang malaman at matugunan ang rasismo at diskriminasyon sa mga komunidad at paaralan. Sa sistema ng edukasyon para sa K-12, nagsagawa kami ng mga pagbabago sa panlalawigang curriculum upang suportahan ang mas maraming Indigenous na wika, mga oportunidad sa kultural na pag-aaral at pagpaparami ng mga social justice course para sa mga mag-aaral.

Gumawa kami ng mga resources para sa anti-racism training para sa mga guro at tiniyak na mayroong codes of conduct at mga patakaran para sa lahat ng 60 school district at independiyenteng paaralan. Dagdag pa rito, in-expand namin ang **erase**, ang ating provincial safety action plan, upang magbigay ng mas maraming resources tungkol sa anti-racism para sa mga mag-aaral at mga pamilya.

**Makakatulong ang action plan na ito sa pagtatatag ng isang province kung saan ang lahat ng komunidad ay ipinagdiriwang at ginagalang**

Nagagalak akong ilunsad ang K-12 Anti-Racism Action Plan bilang isang pangunahing inisyatiba upang lansagin ang sistemikong rasismo at diskriminasyon. Nagbibigay ito ng training at resources upang matulungan ang mga mag-aaral at guro na maunawaan kung ano ba ang ibig-sabihin ng pagiging anti-racist. Sa pamamagitan ng pagbigay ng mag-aaral at guro ng mga kailangan nila upang ligtas na labanan at tugunan ang diskriminasyon, makakatulong ang action plan na ito sa pagtatatag ng isang province kung saan ang lahat ng komunidad ay ipinagdiriwang at ginagalang.

Binuo ang action plan na ito mula sa mga diyalogo, kuwento, personal na repleksiyon at mga ideyang ibinahagi ng mga organisasyon sa komunidad para sa First nations, Indigenous, Black at People of Colour (IBPOC)[1], partner sa edukasyon, at mga mag-aaral sa pamamagitan ng Community Roundtables on Anti-Racism in Education at Youth Dialogue Series.

Nagpapasalamat ako sa lahat ng tumulong na nagbigay ng kaalaman sa province-wide plan na ito para sa sektor ng edukasyon para maaari nating masuportahan ang isang mas matatag na kultura ng pagtanggap para sa lahat ng mag-aaral, staff at pamilya sa mga komunidad sa paaralan.

Magpatuloy tayong labanan ang rasismo at diskriminasyon araw-araw.

Sa pamamagitan ng tunay na pagkilala sa ating nakaraan at pagtuturo ng mga makasaysayan at kasalukuyang paglabag sa katarungan at hindi pagkakapantay-pantay, maaari tayong matuto mula sa ating magkabahaging kasaysayan at yakapin ang ating pagkakaiba-iba at ingklusyon habang nagsasagawa ng pangmatagalang pagbabago sa isang hinaharap na laban sa rasismo.

Matapat na sumasainyo,

Rachna Singh
Minister of Education and Child Care

*Maaari nating masuportahan ang isang mas matatag na kultura ng pagtanggap para sa **lahat** ng mag-aaral, staff at pamilya sa mga komunidad sa paaralan*

*[1]Ang mga organisasyon sa komunidad (community organizations) ay ginagamit sa buong dokumento bilang isang malawak na terminolohiyang kumakatawan sa saklaw ng iba't iba at natatanging identidad na Indigenous, Black, at People of Colour kabilang ngunit hindi limitado sa mga organisasyong multikultural, etniko, at batay sa relihiyong pinaniniwalaan.*



Mensahe mula kay

## Kagalang-galang Mable Elmore
## Parliamentary Secretary for Anti-Racism Initiatives

Mula pagkabata, ang ating mga perspektiba at pinapahalagahan ay hinuhulma ng ating mga pamilya, komunidad at kapwa. Naaapektuhan ang ating opinyon at pananaw sa mundo ng ating mga interaksiyon sa ibang tao, mga interaksiyong nakikita natin sa komunidad at sa media, pati na rin ang ating mga natututunan mula ating tagapangalaga at mga guro. Kabilang dito ang kung paano natin nakikita ang ating papel na ginagampanan, at pati ng ating kapwa, sa ating lipunan.

Maaaring makatulong ang mga karanasang ito sa mga kabataan na lumaki at maging may kumpiyansang mga pinuno, mentor o tagapayo, at ally o kakampi. Ngunit, masyado nang matagal na hindi lahat ng British Columbians ay nabigyan ng kakayahan, kaalaman, o oportunidad upang matukoy ang mga pattern ng diskriminasyon at rasismo sa kanilang mga komunidad. Ang pagtuturo sa mga mag-aaral tungkol sa buong kasaysayan ng B.C. at Canada ang pinakamahalagang unang hakbang upang matulungan ang mas maraming tao na maunawaan ang power dynamics (ugnayan ng mga interaksiyon at impluwensiya) na patuloy na nakakaapekto sa mga Indigenous, Black, at People of Colour. Saka lamang sila magkakaroon ng kakayahan na matukoy at matugunan ang lantaran at hindi halatang rasismo kapag nakikita nila ito.

Kapag ibinabahagi natin ang kaalamang ito sa mga pinakabatang henerasyon at sinusuportahan sila na magkaroon ng kaalaman, kakayahan at paniniwala para tumugon sa rasismo at diskriminasyon, nagtataguyod tayo ng isang henerasyon ng mga lider sa hinaharap na mayroong kumpiyansang magtatag ng isang mas makatarungang province para sa lahat.

Alam natin na ang pagsisikap na ito ay isa lamang bahagi ng kabuuan. Habang nag-iinvest tayo para magkaroon ng magandang kinabukasan ang ating province sa pamamagitan ng K-12 Anti-Racism Action Plan na ito, hinaharap rin natin ang rasismo at diskriminasyong nangyayari ngayon.

***Nagtataguyod tayo ng isang henerasyon ng mga lider sa hinaharap na mayroong kumpiyansang magtatag ng isang mas makatarungang province para sa lahat***

Sa pamamagitan ng Resilience BC Anti-Racism Network, binibigyan namin ang mga lokal na organisasyon ng mga kailangan nila upang labanan ang hate o kapootan at tugunan ang mga insidente ng rasismo at poot sa kanilang mga komunidad. Sa pamamagitan ng Anti-Racism Data Act, nagsisikap kaming alamin at alisin ang mga balakid na kinakaharap ng mga Indigenous at racialized na tao kapag nag-a-access ng mga serbisyo ng pamahalaan. Gumagawa rin kami ng mas malawak na Anti-Racism Act na mas makakatugon sa sistemikong rasismo sa loob ng pamahalaan.

Nakagawa tayo ng mahalagang progreso sa paglansag ng sistemikong rasismo at mas marami pang kailangan gawin. Nangangako kaming makipagtulungan sa buong pamahalaan at sa lahat ng partner upang magtatag ng mas maganda at mas ingklusibong B.C. para sa lahat. Matitiyak ng pagtulak sa mga pinakabatang British Columbians na maging anti-racist ang pagpapatuloy ng kolektibong pagsisikap na ito sa mga susunod pang henerasyon.

Matapat na sumasainyo,

Mable Elmore

Mable Elmore
Parliamentary Secretary for Anti-Racism Initiatives

***Matitiyak ng pagtulak sa mga pinakabatang British Columbians na maging anti-racist ang pagpapatuloy ng kolektibong pagsisikap na ito sa mga susunod pang henerasyon***

# Bisyon

Marating ng mga mag-aaral sa B.C. ang kanilang buong potensiyal sa isang lugar ng pag-aaral na makatarungan, walang rasismo at sistemikong hadlang, at kung saan ang lahat ng mag-aaral, staff at pamilya ay nararamdamang sila ay malugod na tinatanggap, ligtas, ginagalang, at pinapahalagahan.

## Panimula

Ilang henerasyon nang hinulma ng sistemikong rasismo at settler colonialism ang ating province, at patuloy nitong sinasaktan ang mga Indigenous, Black, at People of Colour sa B.C. Upang makatulong sa pagtugon sa diskriminasyon, paglansag ng rasismo at gawing mas makatarungan, ingklusibo at malugod na tumatanggap na province para sa lahat, nag-iinvest kami sa mga inisyatiba laban sa rasismo:

- ang Anti-Racism Data Act;
- lehislasyon sa anti-racism; at
- ang Resilience BC Anti-Racism Network.

May malaking responsibilidad ang sistema ng edukasyon ng B.C. sa pagtugon sa sistemiko at interpersonal na rasismong nagpapatuloy sa buong sistema ng edukasyon ngayon. Ang **Vision for Student Success** ng B.C. ay para mapaunlad ng mga mag-aaral ang kanilang indibidwal na potensiyal at para magkaroon ng mga kaalaman, kakayahan at kagawiang kailangan upang makatulong sa pagkakaroon ng isang malusog na lipunan at sustainable na ekonomiya. Isang mahalagang bahagi ng pag-abot sa bisyong ito ay ang pagtiyak na ang mga partner sa pamahalaan at edukasyon ay nakikinig at natututo mula sa mga partner at komunidad na Indigenous at racialized upang magkasamang magsikap na magsulong ng isang sistema ng edukasyon na walang rasismo at sistemikong hadlang, at nagtataguyod ng katarungan para sa lahat ng mag-aaral. Noong Hulyo 2020, naglabas ang Minister of Education at mga partner sa edukasyon[2] ng B.C. ng isang **pahayag ng pagsuporta** sa mga pagsisikap laban sa rasismo.

[2] *First Nations Education Steering Committee, First Nations Schools Association, BC School Trustees Association, BC Teachers' Federation, CUPE BC, BC Confederation of Parent Advisory Councils, BC Principals' and Vice-Principals' Association, BC School Superintendents Association, BC Association of School Business Officials at Federation of Independent School Associations*

## Rasismo at Mental Health

Alam namin na mayroong mga nakakapinsalang epekto ang rasismo sa mga kabataan at sa kanilang kakayahang magtagumpay sa lipunan. Ayon sa naihayag sa **Mental Health in Schools Strategy**, ang pagbibigay ng pinakamahusay na simula sa mga bata ay mahalaga sa pagpapabuti ng pangmatagalang resulta sa mental health. Dapat na nakatuon sa promosyon ng wellness o pangkalahatang kalusugan at prebensiyon, at simulan ito sa mga unang taon at hanggang sa buong pagkabata. Maraming dokumentasyon ang nagpapakita na ang mga epekto ng rasismo sa mental health ay tuloy-tuloy na nauugnay sa mas mataas na pagkakataon ng stress, hindi magandang resulta sa kalusugan, at pag-iisip at pagsubok ng suicide o pagpapatiwakal sa mga kabataan.

Marami nang henerasyong iniuulat ng mga mag-aaral, staff at mga pamilya na kinakatawan ang mga Indigenous, Black, at People of Colour ng mga karanasan sa interpersonal at sistemikong rasismo at opresyon o pang-aapi sa sistema ng edukasyon ng B.C. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang pagkakalantad sa diskriminasyon sa lahi, lalo na sa mga kabataan, ay isang mahalagang salik na makakapagbigay ng prediksiyon ng mga sintomas ng depresyon.

### Alam namin na

Noong 2018, 14% sa mga racialized na mag-aaral na sinagutan ang BC Adolescent Health Survey (BC AHS) ay nag-ulat na nakaranas ng diskriminasyon dahil sa kanilang lahi, etnisidad, o kulay ng balat. Mas mataas ito kumpara sa 11% noong 2013 (BC AHS 2013, 2018).[3]

Tatlo sa limang (58%) mag-aaral sa B.C. ay nagsabing nakita nila ang ibang estudyante na kinutya, na-bully o hindi isinama dahil sa kanilang lahi o etnisidad (ARI-UBC, 2021)[4].

Ang mga kabataan sa B.C. na nakaranas ng panlahing diskriminasyon ay nag-ulat ng mas hindi magandang kalusugan at well-being kumpara sa kanilang mga ka-edad. Kabilang dito ang mas mababang pagkakataon na magkaroon sila ng pag-asa tungkol sa kanilang kinabukasan at mataas na pagtingin sa sarili (BC AHS 2018).

Naiugnay rin ang panlahing diskriminasyon sa hindi mas magandang mental health, kabilang ang pagkaranas ng matinding stress at kawalan ng pag-asa, pananakit sa sarili, seryosong pag-iisip o pagsubok ng pagpapatiwakal o suicide (BC AHS 2018).

Ang ligtas at may suportang kapaligiran sa paaralan, pati na rin ang pagkakaroon ng may malasakit na school staff at makaramdam ng makatarungang pagtrato ay naiugnay sa mas positibong resulta sa mga nakaranas ng rasismo, kabilang rito ang pakiramdam na ligtas sa paaralan at pagkakaroon ng magandang pagtingin sa sarili (BC AHS 2018).

---

[3] *Ang British Columbia Adolescent Health Survey (**BC AHS**) ay isang survey sa buong province na isinagawa ng McCreary Centre Society kada limang taon simula 1992 para sa mga kabataang nasa grade 7 hanggang 12. Ipinapakita ng survey ang mga trend sa kalusugan ng mga mag-aaral upang matulungang makita ang mga risk o panganib at mga salik na maaring magprotekta sa mga tao. Ginawa ang mga special topic fact sheet para sa mga partikular na isyu tulad ng **panlahing diskriminasyon**.*

[4] *Nakipag-partner ang Angus Reid Institute (ARI) sa University of British Columbia (UBC) upang magsagawa ng isang **online survey** mula Agosto 24-27, 2021 para sa isang representative na randomized sample ng 872 na Canadian at may edad na 12 hanggang 17 taong gulang, at mga may magulang na miyembro ng Angus Reid Forum.*

## Mga Nalaman Namin

Noong summer 2019, nag-host ang probinsiyal na pamahalaan ng mga community dialogue sa buong B.C. upang marinig ang mga kuwento ng rasismo at diskriminasyon. Ibinahagi ng mga kalahok sa dialogue na dumarami ang akto ng rasismo, mas matinding naaapektuhan ang mas maraming British Columbians, at nangyayari ang mga ito sa iba't ibang pampublikong sektor kabilang ang edukasyon. Sa bawat kuwento, naging malinaw na mas maraming indibidwal at mga komunidad ang matinding naapektuhan ng mga nangyari sa kasaysayan at kasalukyang akto ng rasimo, at naghahanap ang mga komunidad ng probinsiyal na pamumuno.

Isinagawa noong Hulyo 2020 ang bagong Community Roundtable tungkol sa anti-racism sa edukasyon upang suportahan ang pagbuo ng isang action plan laban sa rasismo. Ang unang Minister's Community Roundtable on Racism in Education ay nag-host ng ilang pangunahing kalahok sa B.C., kasama ang mga Indigenous organizations at partners, mga organisasyon sa komunidad, at mga partner sa edukasyon. Ang draft ng K-12 Anti-Racism Action Plan ay bahaging binuo mula sa feedback na natanggap at mga kuwentong ibinihagi sa Roundtable na ito.

Sa ikalawang Community Roundtable noong 2021, ipinahayag ng mga kalahok na mas dumarami ang pagkakataon ng rasismo sa kanilang mga komunidad. Binanggit ng mga kalahok na ang ilan sa kanilang mga komunidad ay nahirapang tumugon sa mas matinding insidente ng rasismo dahil sa limitadong kapasidad ng komunidad upang suportahan ang mga naapektuhan. Tinukoy nila na parehong kailangan ng agaran o mabilis na suporta at mga pangmatagalang sistemikong pagbabago sa edukasyon upang marating ang panlahing kaligtasan at katarungan. Magpapatuloy taon-taon ang mga Community Roundtable upang matiyak na patuloy ang kumbersasyon sa komunidad tungkol sa rasismo sa edukasyon.


Noong 2022, hinost ang Minister's Youth Dialogue Sessions para sa mga mag-aaral sa grade 7 hanggang 12 mula sa buong province upang ibahagi ang kanilang mga karanasan sa rasismo sa mga paaralan sa B.C. Mahalaga ang mga kuwento at ideya na ibinahagi ng mga mag-aaral sa pagbibigay-alam kung paano makakabuo ang ministy at mga pinuno ng paaralan ng isang anti-racist, makatarungan, at ligtas na kapaligiran sa pag-aaral para sa lahat. Inilarawan ng mga kabataan kung gaano kahalaga na tiyakin ng mga lider ng sistema ang pagkakaroon ng may malasakit at tumutugon na oportunidad para sa mga racialized na mag-aaral para makapagbahagi ng kanilang mga kuwento at mapakinggan ng kanilang mga guro, principal, at staff ng school district. Hinulma ng impluwensiyal na dialogue series na ito ang disenyo at pagpapatupad ng K-12 Anti-Racism Action Plan.

## The K-12 Anti-Racism Action Plan

Ang K-12 Anti-Racism Action Plan ay isang framework na isasagawa sa ilang taon upang espesipikong matugunan ang rasismo at diskriminasyon sa edukasyon at upang bumuo ng isang kultura at klima ng pagtanggap sa lahat ng mga mag-aaral, staff, at mga pamilya. Ito ang unang yugto ng kolektibong komitment na sasakupin ang maraming taon upang lansagin ang sistemikong rasismo sa probinsiyal na sektor ng edukasyon para sa K-12.

Ang kasalukuyang plano ay idinisenyo upang mapabuti ang resulta para sa mga racialized (mga negatibong naaapektuhan ng panlahing diskriminasyon) na mag-aaral at mapahusay ang suporta sa pag-unawa ng buong sektor ng edukasyon at pagdami ng mga sistemikong kasanayan at nilalaman o content na laban sa opresyon. Nagbibigay ang Action Plan ng suporta at nagtatatag ng mga inisyatibang batay sa pagkamakatarungan upang magsimulang matugunan ang mga historikal at mapang-aping hadlang at kalaunang magtulak sa tagumpay ng mag-aaral.

Ang Ministry ay dedikado sa mga Indigenous-specific na estratehiya sa **Declaration Act Action Plan** para sa lahat ng Indigenous na mag-aaral. Ang isa sa mga estratehiyang ito ay kabilang ang isang estratehiya para sa First Nations Anti-Racism na pinamunuan ng First Nations Education Steering Committee (FNESC) at sinusuportahan ng Ministry.




**K-12 Anti-Racism Action Plan**
**Boses ng Komunidad (Community Voice)**
**Pag-alis ng Mga Hadlang (Removing Barriers)**
**Pagkakaroon ng Kamalayan (Raising Awareness)**
**Sama-samang Pagbabago (Collaborative Change)**
**Pagtatag ng Kapasidad (Capacity Building)**
**Suporta sa Paaralan (School Support)**

## Mga Saligang Kaalaman

Kahit na magkakaiba ang mga indibidwal na karanasan sa rasismo ng mga mag-aaral, pinipigilan nito ang lahat ng mag-aaral na tunay na maging matagumpay bilang mga indibidwal at komunidad. Itinataguyod ng mga sumusunod na elemento ang mga saligang kaalaman ng Action Plan na ito habang magkakasama tayong nagsisikap upang isulong at pigilan ang mas matinding pinsala sa mga racialized na komunidad.

**Mga Indigenous Worldview at Pananaw** –– Mayroong lumalawak na pag-unawa at pagkilala sa malupit na pagtrato at kawalan ng paggalang na tiniis ng mga First Nations, Métis, and Inuit peoples sa buong kolonyal na kasaysayan ng Canada. Nagpapatuloy ang pinsalang ito hanggang ngayon. Ang pinakakailangan na komitment sa katotohanan, rekonsilyasyon, at paghilom ay dapat isama ang perspektibo ng pag-unawa ng mga koneksiyon at ugnayan na bumubuo ng pangkalahatang pagkatuto.

**Pagsang-ayon at Pagkilala** – Matagal na panahon at paulit-ulit nang ibinabahagi ang mga kuwento ng rasismo at diskriminasyon. Mula ngayon, kikilalanin ng estratehiyang ito ang mga karanasang ito nang hindi na kailangang ikuwento muli at patunayan na nangyari at nangyayari ang mga ito, ng mga naapektuhan. Tunay na nangyari ang mga karanasang ito, nakakapinsala ito, ito ang katotohanan, at kailangan itong tugunan sa lahat ng konteksto ng edukasyon ng K-12.

**Equity (Pagkamakatarungan) at Ingklusyon** – Maaaring mayroong kani-kaniyang karansanan sa diskriminasyon at opresyon o pang-aapi ang mga mag-aaral, staff, at mga pamilya. Ngunit, ang mga natatanging karanasan sa rasismo ay dapat na tugunan upang magkaroon ng mga pagbabagong positibo at sa sistema. Hindi maisasagawa nang mag-isa ang paglaban sa rasismo. Kahit na nakapokus ang stratehiya sa anti-racism, mayroong pagkilala sa iba't ibang karanasan na hinuhulma ng interseksiyon o ugnayan ng mga natatanging identidad (hal., intersectionality).

**Adult Well-being** – Nag-ulat ang mga racialized na staff ng mga karanasan sa rasismo sa kanilang mga komunidad sa paaralan at lugar ng trabaho. Dinidiin ng **Mental Health in Schools Strategy** ang kahalagahan ng pagtugon sa well-being ng mga nasa hustong gulang sa sistema ng edukasyon. Dagdag pa sa mga epekto sa kanilang mental health, ang rasismong nararanasan ng staff ay nagtutulak sa mga isyu o problema sa recruitment (paghahanap at pagtanggap ng empleyado) at retention (pananatili ng mga empleyado sa kanilang trabaho), na nagdudulot ng mas mababang diversity o pagkakaiba-iba sa mga paaralan. Lalo nitong ipinagpapatuloy ang rasismo para sa mga mag-aaral na hindi nakikita ang kanilang mga sarili na nairerepresenta sa kanilang mga pinuno. Dapat na kilalanin ng mga inisyatiba sa laban sa rasismo ang kahalagahan ng pagsuporta sa mga nasa hustong gulang pati na rin sa mga mag-aaral.

## Mga Prinsipyo

Ang K-12 Anti-Racism Action Plan ay ginagabayan ng mga sumusunod na prinsipyo:

Kilalanin at respetuhin ang mga karapatan at titulo ng Indigenous Peoples, alinsunod sa Seksyon 35 ng Constitution Act, 1982, United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples, Declaration on the Rights of Indigenous Peoples Act, at Truth and Reconciliation Calls to Action

Makipag-ugnayan sa First Nations, Indigenous partners, mga partner sa edukasyon, mga organisasyon sa komunidad na kinakatawan ang mga racialized na tao, mga school board, mga komunidad sa paaralan, at mga mag-aaral upang sama-samang magtulungan, magbahagi ng kanilang mga boses, at pag-isahin ang mga pagsisikap sa buong sektor at sa loob ng ministry.

Palakasin at magbigay ng pagkakataon sa mga boses at perspektiba ng mga may nakaraan at kasalukuyang karanasan sa rasismo.

Maging magpakumbaba at magalang at magpatuloy na pagbutihin ang sariling pananaw.

Magsagawa ng pagpapasiya na batay sa ebidensiya at nagpapakita ng kasalukuyang kaalaman at datos tungkol sa mga pagbabago sa sistema na kaugnay sa paglaban sa rasismo.

## Mga Priyoridad na Aksiyon

Kabilang sa K-12 Anti-Racism Action Plan ang anim na larangan ng priyoridad na aksiyon: Boses ng Komunidad, Pag-alis ng Mga Hadlang, Pagkakaroon ng Kamalayan, Sama-samang Pagbabago, Patatatag ng Kapasidad, at Suporta sa Paaralan.

### Boses ng Komunidad

Tinitiyak ng Boses ng Komunidad (Community Voice) na ang lahat ng aksiyon sa planong ito ay ginagabayan at magkasamang pinamumunuan ng First Nations, Indigenous partners, mga partner sa edukasyon, mga organisasyon sa komunidad, at mga mag-aaral na may nakaraan at kasalukuyang karanasan sa rasismo. Ang mga boses na ito ay hindi nakikita sa ating kasaysayan sa mga mahahalagang kumbersasyon at pagpapasiya sa mga sistema ng pamahalaan.

#### Annual Minister's Community Roundtable

*Isang taunang event para direktang makipag-ugnayan ang Minister sa IBPOC community upang marinig ang kanilang mga karanasan, pananaw, at rekomendasyon tungkol sa Action Plan*

#### Minister's Youth Dialogue Series

*Magho-host ang Minister ng Education and Child Care ng hindi bababa sa dalawang Youth Dialogue Series: isa para sa mga kabataang may identidad na intersectional at diverse o galing sa iba't ibang pinagmulan, at isa para sa mga Indigenous na kabataan*

## Pag-alis ng Mga Hadlang

Ang Pag-alis ng Mga Hadlang (Removing Barriers) ay bumubuo ng isang sistema at mga paraan ng komunikasyon upang matiyak na hindi magtagumpay o lumago ang rasismo sa patakaran at kultura.

Humingi ang mga kalahok sa roundtable pati na rin ng mga kinatawan ng komunidad at sektor, ng mas malawak na accountability o pananagutan na maisama sa plano pagkatapos ng unang draft na hindi lamang para sa mga aksiyon ng ministry, ngunit pati na rin para sa mga lider sa sistema. Nagbahagi rin sila ng kahalagahan ng pakikipag-ugnayan sa mga magulang at tagapangalanga tungkol sa action plan at progreso, pati na rin sa pagsuporta sa mga resources upang maramdaman nilang konektado sila sa komunidad sa paaralan.

### Anti-racism sa mga district plan

*Isama ang mga reporting requirement para sa anti-racism sa mga strategic plan*

### Parent Engagement Plan

*Isang planong binuo kasama ang BC Confederation of Parent Advisory Councils upang ipagbigay-alam sa mga magulang ang inisyatiba ng Action Plan at magbigay ng pansuportang detalye at impormasyon na magsusulong ng pag-unawa ng mga magulang at tagapangalaga, at pagtanggap sa kanilang pakikilahok sa pagpaplano ng mga inisyatiba laban sa rasismo sa paaralan*

## Pagkakaroon ng Kamalayan

Ang Pagkakaroon ng Kamalayan (Raising Awareness) ay ang pagbibigay ng mga resources o mapagkukunan at mga oportunidad para sa pakikipag-ugnayan upang bigyang pansin ang mga natatanging identidad at karanasan sa buong province at kung paano natin mapapahalagahan ang isa't isa, pati na rin ang pagpapalawak ng ating kaalaman tungkol sa rasismo at mga nakapipinsalang epekto nito.

Humingi ang mga kalahok sa roundtable ng isang kalendaryo bilang suplemento sa mga kalendaryo ng district at paaralan upang magkaroon ng mas malawak na diversity o pagkakaibaiba bilang unang hakbang upang matiyak na ipinapakita ng mga paaralan na pinapahalagahan at importante ang lahat ng identidad. Natukoy rin na kailangang matugunan ang rasismo na nangyayari sa pagitan ng mga magkakaklase, at ito ay nagsisimula sa pagkakaroon ng pangunahing pag-unawa kung ano ang rasismo, equity (pagkamakatarungan), at ingklusyon.

### Inclusion Calendar

*Magbigay sa mga district ng isang kalendaryo na naglalaman ng mga mahalagang event tungkol sa adbokasiya, selebrasyon, o pagbibigay-pugay*

### Engagement o Pakikilahok para sa Kabataan

*Mga presentasyon at workshop na hinost ng B.C. Lions para sa mga nasa grade 6-10 upang matuklasan at alamin ang mga isyu tungkol sa anti-racism, diversity o pagkakaibaiba, equity o pagkamakatarungan, at ingklusyon*

## Sama-samang Pagbabago

Ang Sama-samang Pagbabago (Collaborative Change) ay pinaghaharap ang lahat ng layer ng sistema ng edukasyon upang magtulak ng sistemikong pagbabago. Kailangan na ituloy ng ministry, mga school district, mga partner sa edukasyon, staff ng paaraan, mga mag-aaral at mga pamilya ang mga kasalukuyang partnership at bumuo ng mga network na magtataguyod ng mga pagsisikap laban sa rasismo.

Ibinahagi ng mga mag-aaral na iilan lamang na staff ng paaralan ang nagbibigay ng kapaligiran sa pag-aaral na culturally safe (pinapahalagahan ang kultura) at tinatanggap ang lahat, at nararanasan araw-araw ang rasismo sa paaralan sa iba't ibang paraan. Ang sistemikong pagbabago ay kailangan ang komitment ng lahat ng bahagi ng sektor, hindi lamang para suportahan ang pagsisikap na ito, ngunit para rin umusad ito.

**Education Partner Collaborative**

*Isang komite ng mga partner sa edukasyon, kabilang ang mga Indigenous partners, upang sama-samang magtulungan upang matugunan ang sistemikong rasismo*

**Educator Network**

*Isang komite para sa mga guro sa parehong antas ng district at paaralan, na binuo sa pamamagitan ng iba't ibang yugto, upang magbigay ng suporta sa mga katrabaho, magtatag ng internal na kapasidad, at matukoy ang mga kailangan para makilahok sa mga pagsisikap laban sa rasismo*

## Pagtatatag ng Kapasidad

Ang Pagtatatag ng Kapasidad (Capacity Building) ay bumubuo ng pangunahing kaalaman tungkol sa rasismo para sa lahat ng staff sa sektor, para mag-recruit ng mas diverse o galing sa iba't ibang pinagmulan na grupo ng empleyado upang makita ng mga mag-aaral na inirerepresenta sila sa pamunuan ng paaralan, at upang magtatag ng sistema na tinatanggap ang lahat ng staff.

Ipinaalam ng mga mag-aaral sa ministry na mahirap magpatuloy sa sistema ng K-12 nang hindi nakakakita ng mga lider sa paaralan na kumakatawan at naiintidihan sila, pati na rin ang nakikitang pagtrato nang may diskriminasyon sa mga staff ng paaralan na Indigenous, Black, People of Colour at mga ally (kaanib). Dagdag pa rito, nagbahagi rin ang mga guro at iba pang staff ng paaralan ng mga hamon ng pagtatrabaho sa isang sistema na hindi tinatanggap ang lahat at ingklusibo.

### Estratehiya para sa Recruitment at Retention

*Palawakin ang diversity o pagkakaibaiba sa workforce ng edukasyon upang makita ng mga mag-aaral ang kanilang sarili sa kanilang mga guro at magkaroon ng access sa iba't ibang role model habang sila ay nag-aaral*

*Bumuo ng mas magandang kapaligiran sa trabaho para sa mga gurong IBPOC upang mapahusay ang retention o pagpapanatili ng mga empleyado*

### Pagsasanay para sa Anti-Racism (para sa lahat)

*Bumuo ng isang pundamental na online training course na available sa mga indibidwal sa buong sektor, kabilang ang lahat ng staff ng ministry, paaralan, at district*

*Bumuo ng mga dagdag na oportunidad para sa propesyonal na pag-aaral upang masuportahan ang mga espesipikong trabaho at upang masundan ang pundamental na kaalaman*

## Suporta sa Paaralan

Ang Suporta sa Paaralan (School Support) ng mga resources o mapagkukunan, suporta at gabay para magkaroon ng mga kapaligiran sa pag-aaral na anti-racist ang mga paaralan.

Alam ng mga mag-aaral ang dami ng oras na kanilang ginugugol sa paaralan habang sila ay bata pa, at ang impluwensiya ng lugar na ito sa kanilang well-being at pag-unlad. Para magtagumpay ang mga mag-aaral, kailangan nilang makitang inirerepresenta ang kanilang mga sarili bilang mga pinapahalagahang miyembro ng komunidad sa paaralan, pati na rin sa kanilang mga materyal at content sa pag-aaral. Kailangan rin nila ng ligtas na proseso sa pag-uulat o pag-report ng mga akto ng rasismo at pagtanggap sa mga ulat na ito nang may pang-unawa at mga pagtugon na may aksiyon.

### Panuntunan sa Pagtugon sa Mga Insidente at Resource Guide

*Bumuo ng mga resources o mapagkukunan para masuportahan ang mga district at paaralan upang malaman at matugunan ang mga insidente ng rasismo, pati na rin ang pagbibigay kahulugan sa mga karaniwang terminoholohiya upang magkaroon ng kolektibong kaalaman*

*Bumuo ng isang resource guide o gabay para sa mga mapagkukunan para sa sektor upang magbigay ng mga inirerekomendang kasanayan para sa pagpapatupad ng mga pagsisikap laban sa rasismo at pagtiyak na ligtas, tinatanggap ang lahat, at ingklusibo ang mga kapaligiran sa pag-aaral*

### Curriculum Resources

*Gumawa ng inventory o listahan ng mga kasalukuyang resources o mapagkukunan tungkol sa anti-racism curriculum, alamin ang mga pagkukulang sa inventory, at tugunan ang mga kasalukuyang pagkukulang sa mga resources*

## Kongklusyon

Ang K-12 Anti-Racism Action Plan ay isang pagsulong na isasagawa sa ilang taon at isang oportunidad na pagtipunin ang sektor ng edukasyon upang harapin ang lahat ng uri ng rasismo, ngunit umpisa lamang ito. Binabalangkas ng planong ito ang unang tatlong taon ng sama-samang pagtutulungan ng probinsiyal na komunidad sa paaralan upang bumuo ng isang matatag na pundasyon at upang maglayag ng daan para sa patuloy na dedikasyon sa loob ng maraming taon. Ang pagsisikap na ito ay dapat palaging kasama ang pakikinig sa mga mag-aaral, staff, at mga pamilya, at dapat na maging maagap sa pagbabago ayon sa mga nagbabagong isyu at karanasan.

Lahat tayo ay maaaring may gampanang papel sa pagtukoy at pagtugon sa rasismo sa sistema ng edukasyon. Ang sistemikong pagbabago ay kailangan ng nagkakaisang pag-unawa at kaalaman ng ating kolektibong responsibilidad sa paglansag ng rasismo sa mga paaralan. Para magpatuloy tayo, kailangang isagawa ang mga mahihirap at hindi komportableng kumbersasyon at magkaroon ng pagkukusa na magpatupad ng mga bagong paraan sa pagbibigay ng mga programa sa edukasyon na tumitiyak na alam ng lahat sa komunidad ng paaralan na sila ay mga miyembrong pinapahalagahan at importante.

Ika nga ni Kagalang-galang Murray Sinclair, “Edukasyon ang dahilan ng problemang ito at edukasyon rin ang solusyon nito.” Tinitiyak ng K-12 Anti-Racism Action Plan na lahat ng mag-aaral sa sistema ng edukasyon sa B.C. ay matututo sa isang kapaligiran kung saan sila ay tinatanggap at pinapahalagahan, upang makatulong sa paghulma ng isang mas ingklusibo at magalang na lipunan para sa lahat ang kanilang mga karanasan sa paaralan.

## Apendise – Timeline ng Action Plan

| Elemento | Aksiyon | Timeline |
|---|---|---|
| **Boses ng Komunidad** | Annual Minister's Community Roundtable | Taon-taon |
| | Minister's Youth Dialogue Series | Taon-taon |
| **Pag-alis ng Mga Hadlang** | Anti-racism sa mga district plan | 2022/23 at 2023/24 |
| | Parent Engagement Plan | 2021/22 at 2022/23 |
| **Pagkakaroon ng Kaalaman** | Inclusion Calendar | 2021/22 at 2022/23 |
| | BC Lions Youth Engagement | 2021/22 hanggang 2023/24 |
| **Sama-samang Pagbabago** | Education Partner Collaborative | Kasalukuyang isinasagawa |
| | Educator Network | 2021/22 – Unang yugto<br>Kasalukuyang isinasagawa ang expansion |
| **Pagtatatag ng Kapasidad** | Estratehiya para sa Recruitment at Retention | TBD |
| | Pagsasanay para sa Anti-Racism (para sa lahat) | 2022/23 |
| **Suporta sa Paaralan** | Panuntunan sa Pagtugon sa Mga Insidente at Resource Guide | 2022/23 |
| | Curriculum Resources | 2022/23 |



*Sama-samang Pag-abot sa Katarungang Panlahi*

# K-12 Anti-Racism Action Plan

BRITISH COLUMBIA

Ministry of Education and Child Care